

Pagsuporta para sa may psoriatic disease sa Asia

Pagpapalakas sa
bores ng mga taong
namumuhay nang may
psoriatic disease sa Asia

BRIEFING BOOK Hulyo 2023

Nilalayan ng briefing book na ito na hikayatin ang rehiyonal na pag-aksyon at pakikipagtulungan upang mapagaan ang buhay ng mga taong may psoriatic disease sa Asia.





Mga Nilalaman

Pagtindig nang may pagkakaisa	3
Ano ang psoriatic disease?	5
Ang problema sa psoriatic disease sa Asia	6
Mga priyoridad na dapat aksyunan	9
Access sa pangangalaga	9
Psoriatic disease at mga comorbidity	12
Psoriatic disease at kalusugan ng pag-iisip	14
Epekto ng psoriatic disease sa pakikisalamuha at pamilya	16
Mga Contributor.....	18
IFPA – ang aming mithiin.....	18
Mga Sanggunian.....	19

Sa briefing document na ito, tumutukoy ang "Asia" sa World Health Organization (WHO) sa South-East Asia at Western Pacific region. Binubuo ang WHO South-East Asia region ng 11 Miyembrong Estado ng United Nations at kinakatawan nito ang mahigit 25% ng populasyon ng buong mundo. Sa kabilang banda, ang WHO Western Pacific region ay binubuo ng 37 Miyembrong Estado at kinakatawan nito ang humigit-kumulang 1.9 bilyong indibidwal.

IFPA FORUM

Nagbibigay ang IFPA Forum ng platform para sa mga stakeholder sa psoriatic disease community na makipagtulungan, magbahagi ng kaalaman at harapin ang mga hamong kinakaharap ng mga taong namumuhay nang may psoriatic disease. Sa pamamagitan ng paghikayat sa mga pag-uusap, sinisikap nating maghatid ng patakaran at magbigay-kaalaman, hanggang sa maabot natin ang mas maraming tao upang mapabuti ang well-being ng mga taong apektado ng psoriatic disease.

Kamakailan lang, pinalawig pa ng IFPA ang mga pagsisikap nito sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga panrehiyong forum, kung saan ang IFPA Forum sa Asia ang pangalawang forum na ginanap. Nagbibigay ang mga panrehiyong forum na ito ng pagkakataon para sa mga stakeholder sa mga partikular na rehiyon na magsama-sama at talakayin ang mga natatanging hamong kinakaharap ng mga taong may psoriatic disease sa mga lugar na iyon. Noong 2022, ginanap ang isang panrehiyong forum sa Europe, kung saan nagsama-sama ang mga eksperto at tagapagtaguyod mula sa rehiyon upang magtulungan at tugunan ang mga hamong kinakaharap ng mga taong may psoriatic disease sa Europe.



MATUTO PA TUNGKOL SA IFPA Forum at ang resulta ng IFPA Forum sa Europe 2022

Pinangasiwaan ng IFPA ang pagbuo sa briefing book na ito.

Pagtindig nang may pagkakaisa

Kinakatawan ng IFPA Forum sa Asia 2023 ang isang natatanging pagkakataon para magsama-sama ang psoriatic disease community at tumindig nang may pagkakaisa tungkol sa mga hamong kinakaharap sa rehiyon. Sinisimbolo ng event na ito ang bagong kabanata sa ating kolektibong pagsisikap na mas maunawaan, masuportahan at mabigyan ng pangangalaga ang mga taong namumuhay nang may psoriatic disease. Sa pamamagitan ng pagbubuklod ng ating mga pagsisikap at pagtugon sa mga natatanging hamon na kinakaharap sa Asia, magagawa nating pagyamanin ang pag-asa at gumawa ng malaking pagbabago para sa buhay ng napakarami.

Napakahalaga ng mga Panrehiyong IFPA Forum para mabigyang-atensyon ang pag-uusap tungkol sa psoriatic disease sa buong mundo at, partikular na sa Asia-Pacific region. Sa pamamagitan ng mga pag-uusap na ito, magagawa nating maabot ang mas maraming tao, makapaghatid ng patakaran at makagawa ng higit pang aksyon upang mapabuti ang well-being ng mga taong namumuhay nang may psoriatic disease. Sa pamamagitan ng pagsasalita bilang isang boses, maitataguyod natin ang pagbabago at matitiyak natin na mabibigyang-prioridad ang mga pangangailangan ng mga taong may psoriatic disease sa Asia.


Binibigyang-atensyon ng briefing book na ito ang ilang pangunahing isyu na kailangang matugunan upang mapagaan ang buhay ng mga taong namumuhay nang may psoriatic disease sa Asia. Kabilang sa ating mga pangunahing priyoridad ang pagtiyak ng access sa pangangalaga, pagtugon at pagkontrol sa mga comorbidity, pagbibigay-prioridad sa pangangalagang pangkalusugan ng pag-iisip, at pagharap sa mga epekto ng karamdaman sa pakikisalamuha at pamilya. Kailangan nating magtulungan para sa maagap na pag-diagnose, mga komprehensibong opsyon sa paggamot, pangangalagang nakatuon sa indibidwal, at suporta sa kalusugan ng pag-iisip upang matulungan ang mga apektadong indibidwal na magkaroon ng makabuluhang pamumuhay.

Sa pamamagitan ng pagpapalalim sa kaalaman at edukasyon tungkol sa psoriatic disease, malalabanan natin ang diskriminasyon, stigma, panghihiya at pambu-bully na karaniwang nakakaapekto sa mga taong may ganitong kondisyon. Makakamit lang ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga stakeholder mula sa buong rehiyon at pagtindig nang may pagkakaisa.

Tiwala kami na sa pamamagitan ng pagtutulongan, pagtindig at pagtataguyod ng pagbabago, **matitiyak natin ang mas magandang buhay para sa mga taong may psoriatic disease sa Asia.**



Frida Dunger Johnsson
Executive Director, IFPA



PsorAsia
& Pacific
IFPA Region Asia

Josef de Guzman
Treasurer ng IFPA
Founder at Chairman of the Board ng Psoriasis Philippines (PsorPhilippines), at Founder ng Psoriasis Asia (PsorAsia) Pacific



Mga pangunahing tema

Nakatuon ang briefing book na ito sa apat na temang mahalaga sa mga diskusyon sa IFPA Forum sa Asia. Sa pakikipagkonsultasyon sa mga pambansang asosasyon para sa mga pasyenteng may psoriatic disease, tinukoy ang mga tema bilang mga priyoridad na dapat aksyunan.

ANG MGA TEMA AY:



Access sa pangangalaga



Mga comorbidity ng psoriatic disease



Kalusugan ng pag-iisip



Epekto ng psoriatic disease sa pakikisalamuha at sa pamilya

Sa pamamagitan ng pagbibigay-prioridad sa mga aspetong ito, magagawa nating magtulungan upang matugunan ang mga hindi naibibigay na pangangailangan ng mga taong namumuhay nang may psoriatic disease sa Asia at, sa huli, makakapagtulungan tayo upang mapagaan ang buhay ng mga taong apektado ng psoriatic disease.

2023 ang taon ng pangkalahatang saklaw sa kalusugan

Dapat na magkaroon ang lahat ng access sa pangangalagang de-kalidad at nakatuon sa indibidwal saanman

Mahalaga ang pangkalahatang saklaw sa kalusugan (universal health coverage o UHC) sa pagtiyak na may access sa de-kalidad na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at paggamot ang mga taong may psoriatic disease.¹ Nilalayon ng UHC na tiyaking may access ang lahat ng indibidwal at komunidad sa mga de-kalidad na serbisyong pangkalusugan nang hindi nakakaranas ng pinansyal na balakid. Sa pamamagitan ng pagpapalawak sa saklaw para sa mahahalagang serbisyong pangkalusugan, kasama ang mga nauugnay sa pag-iwas, pag-diagnose at paggamot sa psoriatic disease, makakatulong ang UHC na mabawasan ang mga pinansyal na balakid sa pangangalaga at matiyak na makakatanggap ang mga taong may psoriatic disease ng suportang kailangan nila upang epektibong mapamahalaan ang kanilang kondisyon.¹

Pagpapatatag sa mga sistemang pangkalusugan: pamumuhunan sa imprastruktura para sa pangangalagang pangkalusugan, pagsasanay sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, at pagbuo ng mga patakaran at alituntunin

Ang pagkamit sa UHC pagsapit ng 2030 (Sustainable Development Goal Target 3.8) ay nangangailangan ng matatag na sistemang pangkalusugan. Makakatulong ang UHC na patatagin ang mga sistemang pangkalusugan at padaliin ang access sa espesyal na pangangalaga para sa psoriatic disease. Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa imprastruktura para sa pangangalagang pangkalusugan, pagsasanay sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, at pagbuo ng mga patakaran at alituntunin sa pamamahala ng mga hindi gumagaling na kondisyon gaya ng psoriatic disease, makakatulong ang UHC na matiyak na makakatanggap ang mga taong may psoriatic disease ng komprehensibo at nakakoordinang pangangalaga na tumutugon sa lahat ng aspeto ng kanilang mga pangangailangan sa kalusugan.

Epektibong suporta sa pangunahing pangangalaga sa pamamahala sa psoriatic disease

Ang pangunahing pangangalaga ang madalas na sinasabing batayan ng UHC. Nangangailangan ang psoriatic disease ng komprehensibong pamamaraan na binubuo ng iba't ibang larangan ng pangangalagang pangkalusugan at mga ugnayan sa panlipunang suporta upang matugunan ang mga sintomas sa balat at kasukasuan at mga nauugnay na comorbidity. Ang holistic na pamamaraang ito, na kinokoordina sa antas ng pangunahing pangangalaga, ay maaaring magsilbing pamantayang modelo para sa pagkontrol sa iba pang hindi gumagaling na sakit na gaya nito na kung saan kailangang tugunan ang maraming aspeto ng kalusugan ng isang tao.

3 GOOD HEALTH AND WELL BEING



MATUTO PA tungkol sa psoriatic disease at pangkalahatang saklaw sa kalusugan. I-access ang mga tool at resource ng IFPA dito.

PANDAIG-DIGANG ARAW NG PSORIASIS 2023

Ang Pandaigdigang Araw ng Psoriasis (World Psoriasis Day) sa Oktubre 29 ay nagbibigay ng pagkakataong magbigay-kaalaman tungkol sa kahalagahan ng UHC para sa mga taong may psoriatic disease. Nagbibigay ito ng platform para itaguyod ang mga pagbabago sa patakaran na nagsusulong ng mas malawak na access sa mga de-kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, pagkakapantay-pantay sa kalusugan at mga paggamot para sa grupong ito, upang matiyak ang mas magandang resulta para sa lahat.²

Ano ang psoriatic disease?

Sa mga indibidwal na may psoriatic disease, na sumasaklaw sa psoriasis at psoriatic arthritis, nati-trigger at naa-activate ang kanilang immune system.³ Ang sobrang aktibong immune system na ito ay maaaring humantong sa pamamaga ng iba pang bahagi ng katawan, kasama na ang mga organ, kung saan maaaring hindi ito nakikita at makakapagdulot ito ng iba pang isyu sa kalusugan. Ang psoriatic disease ay iniuugnay sa ilang sakit na nakakasama sa kalusugan, na tinatawag ding mga comorbidity.^{4,5}

Isang nakikita at hindi nakikitang sakit

Ang psoriatic disease ay maaaring magdulot ng malala, masakit at kapansin-pansing pisikal na sintomas na nakikita sa balat, gaya ng pangangati, pananakit at mga sugat.⁴ Karaniwang nagkakaroon ng magkakasamang sintomas ng psoriatic disease ilang taon matapos lumabas ang mga sintomas sa balat, at maaaring masakit ang mga ito at nakakalimita sa paggalaw.⁵



Psoriasis – nakakaapekto sa balat at maaaring kitang-kita, na mukhang nangangapal na mapula o nangingitim na bahagi ng balat na binabalot ng namumuting kaliskis o langib. Maaaring magkaroon nito sa iba't ibang bahagi ng katawan, gaya ng anit, siko, tuhod at likod. Maraming subtype ng psoriasis, kung saan kabilang ang plaque psoriasis (ang pinakakaraniwang uri ng psoriasis),

guttate psoriasis, inverse psoriasis, pustular psoriasis, erythrodermic psoriasis at ang mga mas bihirang anyo, gaya ng generalized pustular psoriasis.



Psoriatic arthritis – isang uri ng inflammatory arthritis na nakakapagdulot ng pananakit ng kasukasan at paninigas at pinsala sa mga kasukasan at mga nakapalibot na tissue. Ipinapakita sa mga pandaigdigang pagtatantya na sangkatlo sa mga tao ang apektado ng psoriasis bagama't, relatibo dito, mas kaunting Asian ang nagkakaroon nito.⁶⁻¹⁰ Maaaring hindi nakikita ang hindi gumagaling na pagkapagod o pananakit ng kasukasan na nauugnay sa psoriatic arthritis; ngunit maaari itong magdulot ng depekto at panghihina sa paglipas ng panahon.

Isang sakit na nangangailangan ng tuloy-tuloy na pagkontrol

Ang psoriatic disease ay isang seryosong hindi naipapasang sakit na maaaring nakakasira din ng buhay at matatagpuan sa buong mundo.¹¹ Isa itong hindi gumagaling na immune-mediated systemic inflammatory disorder na nakakaapekto sa balat, kasukasan at, kung minsan, sa iba pang organ. Dahil walang gamot dito, kabilang sa mga opsyon sa paggamot ang pagkontrol sa sintomas, pag-iwas sa mga pagsumpong at pinsala sa kasukasan, at pagbawas sa sintomas ng sakit.



“Sobrang pangkaraniwan ng mga problema sa anit – balakubak at mga pantal, pero bakit hindi ‘yon malayang napag-uusapan?

*Sobrang nalulungkot ako na napakaraming taong hindi nagpapagupit dahil sa scalp psoriasis nila. Madalas, ako na ang nagkukusang ipaliwanag at ipaalam sa mga hairdresser ko ‘yong tungkol sa kondisyon ko. **Kapag naintindihan na nila, OK na sa kanila.”***

Rocyie Wong
Malaysia

Ano ang nagdadulot nito?

Hindi pa alam ang mga sanhi ng psoriatic disease, ngunit naniniwala ang mga mananaliksik na may papel ang mga genetic at environmental na salik sa pag-develop ng sakit na ito.¹² Kabilang sa mga karaniwang trigger ng pagsisimula ng sakit at mga sumusunod na pagsumpong ang stress, trauma sa balat (mga sugat, gasgas o tattoo), panunuyo ng balat, ilang partikular na gamot, klima, pag-inom ng alak, paninigarilyo at mga impeksyon.

~ 10.7m
tao

ang tinatayang may
psoriatic disease sa
Asia.¹⁴

Sa Asia, ang pagkalaganap
ng psoriatic disease ay
maaaring mas malaki pa
kaysa sa naitala dahil sa
hindi kumpletong pag-uulat
at maling diagnosis.¹³



Global Psoriasis Atlas

**Pagmamapa sa problema
– kasalukuyan pang ginagawa**

Pinapalalim ng mga pag-aaral tungkol sa pagkalaganap at pagkakaroon ng psoriasis ang aming pag-unawa sa problema dahil sa sakit, na nakakatulong sa pagtatalaga ng resource sa pangangalagang pangkalusugan.¹³ Gayunpaman, hindi madali ang pagkuha ng maaasahan, nakatuon sa isang bansa at maipaghahambing na mga pagtatantyang nakabatay sa populasyon ng rehiyon.

Nilalayan ng **Global Psoriasis Atlas (GPA)** na palalimin ang ating pag-unawa sa psoriasis, ngunit hindi nito sakop ang iba pang anyo, gaya ng psoriatic arthritis, kaya mahirap tanyahin ang pangkalahatang problemang dulot ng psoriatic disease. Bagama't mayroong mga kasalukuyang pagsisikap na isinasagawa upang palawakin ang ating kaalaman, maraming trabaho pa ang kailangan para lubos na maunawaan ang epekto ng sakit sa mga taong apektado nito.



MATUTO PA tungkol sa gawa ng GPA at sa pagkalaganap ng psoriasis

Ang paglaganap at tinatayang bilang ng mga indibidwal na may psoriasis ay nakuha mula sa GPA. Mahalagang tandaan na ang mga numerong ito ay maaaring maiba sa iba pang source, dahil nilalayan ang mga ito para sa pagbibigay ng malawak na pag-unawa sa pasanin ng psoriasis at para mabigyang-diin ang pangangailangan para sa karagdagang pangongolekta ng data.

Disclaimer: Ang mga pangalan ng bansa, rehiyon, at teritoryo, pati na ang mga mapa, na kasama sa briefing book na ito, ay para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang pagbibigay-kaalaman at hindi dapat ituring bilang sanggunian. Ang pagpapakita ng mga pulitikal na hangganan ay hindi nagsasaad ng opinyon ng IFPA o ng alinman sa mga partner nito tungkol sa mga usaping nauugnay sa pagkilala, soberanya, o hurisdiksyon.

Ang problema sa psoriatic disease sa Asia

Ipinapakita ng mga pagtatantya sa pagkalaganap ng psoriatic disease sa mga gumagawa ng pasya sa pangangalagang pangkalusugan ang sa lawak ng problema at nakakapagbigay ito ng data na makakatulong na tukuyin ang mga priyoridad sa kalusugan at magbigay ng impormasyon tungkol sa mga patakaran. Iba-iba depende sa rehiyon ang pagkalaganap ng psoriatic disease, kung saan mas matataas na rate ang naiulat sa mayayamang bansa.

Sa Asia, ang pagkalaganap ng psoriatic disease ay tinatayang nasa pagitan ng 0.1% at 0.5%, bagama't maaaring mas malaki pa ito kaysa sa naitala dahil sa hindi kumpletong pag-uulat at maling diagnosis.¹³

Tinatayang pagkalaganap at bilang ng mga taong may psoriasis sa buong Asia-Pacific region

Data mula sa **Global Psoriasis Atlas¹⁴***

BANSA, REHIYON O TERITORYO	BILANG NG MGA TAO	% NG MABABA AT MATAAS NA PANGKALAHATANG LIMITASYON NG PAGKALAGANAP**
Australia	460,860	0.59–6.1
Bangladesh	466,670	0.09–0.97
Brunei	2,570	0.16–1.91
Bhutan	2,280	0.09–0.97
Cambodia	48,350	0.06–1.65
China	2,360,000	0.07–0.42
Fiji	2,460	0.06–1.04
India	3,590,000	0.08–0.92
Indonesia	797,380	0.06–1.65
Japan	690,230	0.14–1.94
Laos	20,720	0.06–1.65
Malaysia	95,520	0.06–1.65
Mongolia	20,840	0.22–2.18
Myanmar	161,200	0.06–0.165
Nepal	80,920	0.07–0.98
New Zealand	85,020	0.5–5.73
North Korea	28,180	0.04–0.3
Pakistan	558,340	0.09–0.97
Papua New Guinea	22,440	0.06–1.04
Pilipinas	316,900	0.06–1.65
Solomon Islands	1,660	0.06–1.04
South Korea	281,770	0.17–null
Sri Lanka	66,680	0.06–1.68
Taiwan	12,800	0.02–0.16
Thailand	208,530	0.06–1.65
Timor-Leste	3,910	0.06–1.65
Vanuatu	750	0.06–1.04
Vietnam	288,580	0.06–1.65

* Kasalukuyang hindi kasama sa GPA ang data para sa ilang bansa at lugar na nakalista sa mga rehiyong SEAR at WPR ng WHO. Kabilang dito ang Cook Islands, Hong Kong SAR (China), Kiribati, Macao SAR (China), Maldives, Marshall Islands, Micronesia, Nauru, Niue, Palau, Samoa, Singapore, Tokelau (New Zealand), Tonga, Tuvalu, at Wallis and Futuna (France).
** Kasama sa data ng mababa at mataas na limitasyon (%) ng pagkalaganap ang mga pagtatantya para sa mga adult at bata. Bisitahin ang website ng GPA upang matuto pa tungkol sa kung paano kinakalkula ang pagkalaganap.

Isang malaki at lumalaking problema

Itinuturing na malaki ang negatibong epekto ng psoriatic disease, dahil napakaraming tao ang apektado nito at lumalabas na patuloy na tumataas ang bilang ng mga adult na mayroon nito.^{15,16} Ang pagdami ng mga underlying na kondisyon sa kalusugan, gaya ng obesity sa ilang partikular na populasyon sa Asia, ay naglalagay sa mga tao sa mas malaking panganib ng pagkakaroon ng psoriatic disease, na nagpapataas sa rate ng pagkalanap nito.^{15,16} Kabilang sa iba pang nagdudulot nito ang mas maraming indibidwal na humingi ng pangangalaga pagkatapos ng COVID-19, noong hinadlangan ng mga paghihigpit sa pagkilos ang maraming tao na may hindi gumagaling na sakit na mag-access ng mga serbisyo ng regular na pangangalagang pangkalusugan.¹⁶ Sa China, isa sa mga bansang may pinakamalaking populasyon, ipinapahiwatig sa mga pagtatantya sa negatibong epekto ng psoriasis na may 7.65 milyong tao na posibleng apektado nito.¹⁷ Sinasabi rin ng mga eksperto na patuloy na nakakaapekto sa mga mas batang indibidwal ang incidence rate (mga bagong kaso kada taon). Maaaring nauugnay ito sa iba't ibang salik, gaya ng pagbabago-bago ng klima, kalinisan ng hangin, diyeta, sikolohikal na stress at iba pang pangkapaligirang dahilan.

Epekto sa indibidwal

Maaaring maapektuhan ng psoriatic disease ang kalusugan ng katawan, pag-iisip, at emosyon ng isang tao, ang pangkalahatang kalidad ng pamumuhay at mga relasyon. Sa ilang bansa sa Asia, posibleng mapalala ng mga kultural na pamantayan at diskriminasyon sa lipunan ang mga psychosocial na epekto ng kondisyon.¹⁸ Maaari din itong magdulot ng malaking problemang pinansyal sa taong mayroon ng kondisyon na ito at sa mga pamilya niya dahil sa mga medikal na bayarin, mga araw na hindi nakakapasok sa trabaho dahil sa mga appointment sa doktor o pagkakasakit, at oras na ginugol bilang mga tagapag-alaga. Sa Korea, halimbawa, nahihirapan ang mga indibidwal na may malalang psoriasis na makayanan ang pambayad para sa mga malalaking gastos sa paggamot, at pangkaraniwan na ang hindi pagpapatuloy sa paggamot bilang resulta.¹⁹

Epekto sa ekonomiya at lipunan

Ang mas malalaking bayarin sa pangangalagang pangkalusugan at kabawasan sa pagiging produktibo ay nakakadagdag sa problema sa ekonomiya ng lipunan.²⁰ Sa Asia, hindi sapat ang dokumentasyon sa problemang dulot nito sa ekonomiya. Gayunpaman, ipinapakita sa mga pagtatantya mula sa Australia at Japan na gumagastos ang Australia ng tinatayang 0.17% at ang Japan ng 0.44% mula sa kanilang gross domestic product (GDP) para sa paggamot sa psoriasis.²¹⁻²³ Sinasalamin ng pangkalusugang paggastos para sa pangangalaga sa psoriatic disease ang pamumuhunan ng Estado sa kalusugan ng mga taong namumuhay nang may nasabing kondisyon.

Mababawasan ng maagang pagtukoy at mas mahusay na pagkontrol ang problema

Mababawasan ang epekto ng psoriatic disease sa pamamagitan ng maagang diagnosis, wastong paggamot at nagpapatuloy na pagkontrol. Gayunpaman, nagiging komplikado ang problema sa psoriatic disease sa Asia dahil sa limitadong access sa pangangalagang pangkalusugan at mga paggamot. Sa maraming bansa, hindi sapat ang bilang mga dermatologist at rheumatologist, na may malaking ginagampanan sa pagkontrol sa sakit, na nagreresulta sa mga huli o maling diagnosis at hindi epektibong pagkontrol sa sakit.²⁵ Gayunpaman, nakakaranas ang mga taong may ganitong sakit ng kawalan ng mga opsyon sa paggamot dahil sa mababaw na pag-unawa sa kondisyon, bagama't may pagbabago na sa aspetong ito kamakailan.²⁶ Upang mabawasan ang problemang dulot ng sakit, mahalaga na mabigyang-prioridad ang psoriatic disease at mapadali ang access sa pangangalagang pangkalusugan at mga paggamot. Mahalaga ang pagbibigay-kaalaman sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at sa pangkalahatang publiko tungkol sa sakit upang mapahusay ang pag-diagnose at pagkontrol sa sakit.¹⁸

Iniuulat sa mga pag-aaral mula sa mga rehiyon na hindi bababa sa isa kada 10 tao na may psoriasis sa Asia ang may psoriatic arthritis.⁷⁻¹⁰ Upang mas maunaawan iyon, sa China, posibleng kalhating milyong tao ang namumuhay nang may psoriatic arthritis (batay sa iniulat na pagkalanap ng psoriatic arthritis na 0.01-0.1%).^{5,27}

Ang negatibong epekto ng psoriasis sa mundo

Humigit-kumulang 60 milyong tao ang apektado ng psoriasis.¹³ Ipinapakita sa data ng Global Psoriasis Atlas (GPA) na nag-iiba-iba ang prevalence, mula sa wala pang 0.1% sa ilang bansa sa Africa hanggang sa mahigit 4% sa ilang bansa sa Europe.¹⁴ Sa buong mundo, naghahatid ang psoriasis ng malaking problema sa ekonomiya sa mga direkta at hindi direktang gastusin, na maihahalintulad sa mga gastusin sa iba pang malalalang sakit gaya ng kanser sa pancreas, melanoma, kanser sa prostate at hika.²⁴



Pag-usad sa mga rekomendasyon mula sa Pandaigdigang Ulat sa Psoriasis ng WHO

Noong 2016, inilabas ng World Health Organization ang Pandaigdigang Ulat sa Psoriasis ng WHO na naglalaman ng mga maisasagawang rekomendasyon. Upang masubaybayan ang pagiging matagumpay ng mga bansa sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon mula sa ulat ng WHO, kinomisyon ng IFPA ang Western Pacific Region Index report.

Sinusuri ng Index report ang pag-usad sa limang bansa, ang Australia, China, Japan, Pilipinas at Singapore, gamit ang Index scoring system.²⁸

NATATANGGAP NA DISKRIMINASYON AT STIGMA



3 sa 4 na Australian na may psoriatic disease ang nag-ulat na itinatago nila ang kanilang kondisyon mula sa mga katrabaho, kaibigan at maging kapamilya.²⁹

30%

30% ng mga taong na-survey sa Pilipinas ang nakaranas ng stigma sa mga lugar ng trabaho at pampublikong lugar.

AVAILABILITY NG MGA ALITUNTUNIN SA PAGGAMOT



Kamakailan lang ay in-update ng Australia, China, Japan at Singapore ang kanilang mga alituntunin sa psoriasis o psoriatic arthritis. Sa **Pilipinas**, walang alituntunin sa paggamot na isinulat dito.

PAGSUSURI NG WELL-BEING NA NAKATUON SA PASYENTE



Kinumpirma ng mga propesyonal sa lahat ng limang bansa na sinusuri nila ang kalusugan ng katawan ng kanilang mga pasyenteng may psoriatic disease, ngunit **hindi palaging tinatanong ang tungkol sa kalusugan ng pag-iisip.**

DATA SA PAGGASTOS SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN



Ang data sa paggastos sa pangangalagang pangkalusugan ay **limitado para sa mga bansa** maliban sa Australia at Japan.

Limang kategorya at 10 indicator

Kaalaman ng publiko

- Pagkakaroon ng campaign para sa kaalaman ng publiko
- Natatanggap na diskriminasyon at stigma

Kaalaman ng provider

- Pagsasanay para sa mga general practitioner
- Availability ng mga alituntunin sa paggamot

Pakikibahagi ng pasyente

- Pagsunod sa paggamit ng mga tool o suporta sa gamot
- Pagsusuri ng well-being na nakatuon sa pasyente

Mga sistemang pangkalusugan

- Tagal bago na-diagnose
- Access sa mga gamot
- Access sa pangangalaga ng espesyalista

Nakakatulong na kapaligiran

- Direkta at hindi direktang gastusin ng mga pasyente at sistema

Mga priyoridad na dapat aksyunan

Upang mapabuti ang situwasyon para sa mga taong namumuhay nang may psoriatic disease sa Asia, kabilang sa mga pangunahing priyoridad sa buong rehiyon ang pagtiyak ng access sa pangangalaga care, pagkontrol sa mga comorbidity, pagbibigay-priyoridad sa pangangalagang pangkalusugan ng pag-iisip, at pagtugon sa mga epekto ng sakit sa pakikisalamuha at sa pamilya. Upang makamit ang mga layuning ito, dapat nating pagtuunang-pansin ang maagap na pag-diagnose, komprehensibong opsyon sa paggamot, pangangalagang nakatuon sa pasyente at suporta sa kalusugan ng pag-iisip. Mahalaga ang lahat ng ito sa pagtulong sa mga apektadong indibidwal na mamuhay nang may kabuluhan.

Access sa pangangalaga

Hindi pa nagagamot sa ngayon ang psoriatic disease, ngunit makokontrol ito sa pamamagitan ng istandardisadong paggamot at, sa ilang situwasyon, maiiwasan ang pagbalik nito sa pamamagitan ng epektibong paggamot.³⁰ Sa kabila ng mga pagpapahusay sa paggamot, kailangan pa rin ng tuloy-tuloy at panghabambuhay na pangangalaga.³⁰ Ang mga taong may psoriatic disease ay mayroon dapat na access sa komprehensibo at abot-kayang propesyonal na medikal na pangangalaga. Gayunpaman, maraming balakid ang maaaring makahadlang sa access sa pangangalaga sa lahat ng antas ng pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang mga salik sa sistemang pangkalusugan, mula sa kakulangan sa manggagawa at hindi sapat na kaalaman, hanggang sa supply, access sa reimbursement ng mga gamot na nakakaapekto sa pagiging abot-kaya at hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

MGA PANGUNAHING HAMON

Nahuling pag-diagnose o maling diagnosis

Ang maagang pagtukoy sa psoriatic disease ay nakakatulong sa pagiging epektibo ng paggamot, ngunit pangkaraniwan na sa Asia at sa buong mundo ang pagkaantala sa pag-diagnose.³¹⁻³³ Ang mga pagkaantala sa pag-diagnose at paggamot ay may malaking epekto sa paglala at kalalaan ng sakit, at sa huli ay pinapasama nito ang mga pangmatagalang resulta at humahantong ito sa pinababang kalidad ng pamumuhay.³¹⁻³⁴ Karaniwang nauugnay ang mga pagkaantala sa hindi sapat na kaalaman ng publiko at mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, at may naiulat na pagkakaroon ng mga pagkaantala sa paggamot nang hanggang limang taon sa pangunahing pangangalaga.^{31,35-38} Sa ilang bansa sa Asia, nakakadagdag sa hamon ng pagbibigay-kaalaman, paghingi ng referral at access sa pangangalaga ang mga kultural na salik, gaya ng stigma tungkol sa mga kondisyon sa balat at ng pananaw ng tao o ng mga miyembro ng pamilya tungkol sa psoriasis na hindi na magagamot ang sakit at hindi ito nakamamatay.^{18,38}

Hindi pantay-pantay o pinaghihigpitang access sa pangangalagang pangkalusugan

Ang heograpiya, kahirapan at mga limitasyon sa insurance ay maaaring maging malalaking balakid sa pag-access ng pangangalaga para sa mga taong may psoriatic disease sa Asia.³⁹ Bilang karagdagan, maaaring kulang sa mga resource ang mga sistemang pangkalusugan, na nagdudulot ng matagal na paghihintay, limitadong availability ng espesyalista at hindi sapat na follow-up na pangangalaga.³⁸ Isa ring alalahanin ang accessibility ng dermatologist, kung saan nakakahadlang sa espesyal na pangangalaga ang pagkakaroon ng mga pagkaantala sa pag-diagnose at mga maling diagnosis dahil sa hindi sapat na kaalaman ng mga rheumatologist at kakulangan sa mga espesyalista.^{38,40}



Mga hiling sa pagbibigay-priyoridad sa access sa pangangalaga

Palalimin ang kaalaman tungkol sa psoriatic disease sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, lalo na sa mga frontline health worker ng pangunahing pangangalaga.

Bumuo ng mga alituntunin at protokol sa pag-diagnose at pagkontrol sa psoriatic disease, kabilang ang mga rekomendasyon para sa maagang pag-diagnose, regular na screening at naaangkop, sapat at maagap na paggamot.

Tumugon sa mga hamon sa sistemang pangkalusugan na nagiging hadlang sa pantay-pantay na access sa paggamot at pangangalaga.

Padaliin ang access sa mga biologic na therapy at iba pang modernong paggamot para sa psoriatic disease, kabilang ang pagbawas sa mga hadlang sa pag-reimburse at pagpapalawak ng availability ng mga therapy na ito sa Asia.

43% ng mga taong

may psoriatic disease na na-survey sa rehiyon (Australia, Japan, South Korea at Taiwan) ay nagsasabing salik sa pagpili nila ng paggamot ang pagiging abot-kaya nito.⁴¹

Biologics

Mahalaga ang pagpapadali sa access sa mga biologic na paggamot para sa psoriatic disease sa Asia upang mapaganda ang mga resulta sa kalusugan at mabawasan ang problemang dulot ng psoriatic disease.

Ang mga biologic na paggamot para sa psoriasis o psoriatic arthritis ay maaaring makapagpabago ng buhay ng mga taong namumuhay nang may psoriatic disease.⁴³ Sa pamamagitan ng pag-target sa mga partikular na labis na aktibong bahagi ng immune system, naiiba ang biologics sa mga sistemikong paggamot na nakakaapekto sa buong immune system. Maaaring magkaroon sila ng mas mababang panganib ng pagkakaroon ng pinsala sa organ kumapra sa iba pang uri ng sistemikong paggamot. Bagama't dumalas na ang paggamit ng biologic, nananatiling limitado ang access dito sa maraming rehiyon sa Asia dahil sa pagiging mahal nito, limitadong availability at mga paghihigpit na ipinapatupad ng mga programa ng insurance at pamahalaan. Ang mga taong may psoriatic disease sa South Korea, Taiwan, Australia at Japan ay kadalasang kinakailangang sumailalim sa mga nakaugaliang therapy bago maging kwalipikado sa mga reimbursement para sa biologic na paggamot.^{41,44-47} Gayunpaman, ipinapahiwatig sa kamakailang pananaliksik sa Japan na ang pagsisimula ng mga mas bagong therapy o biologics ay maaaring makabawas sa mga gastos at pananatili sa ospital.⁴⁸

Limitadong access at availability, at mga mahal na paggamot

Pinipigilan ng mga pagbabawal sa regulasyon, kaalaman ng provider at availability ng paggamot ang epektibong paggamot sa psoriatic disease sa mga bahagi ng Asia. Ipinapakita ng WHO ang mga hamon sa pagkakaroon ng abot-kayang access sa pangangalagang pangkalusugan at mga gamot para sa mga hindi gumagaling na sakit sa Asia-Pacific region.³⁹ Maaaring walang access ang mga pasyente sa mga pangunahing paggamot o nahaharap sila sa malalaking gastusin, partikular na sa mga mas bagong paggamot, na nagreresulta sa mga desisyong nakabatay sa presyo at humahantong sa panganib ng hindi pagsailalim sa sapat na paggamot at pagkakaroon ng maiiwasan sanang problema ng pasyente.⁴¹ Available ang mga bagong paggamot ngunit, dahil sa mga pang-ekonomiyang dahilan, hindi nabibigyang-prioridad ng ilang bansa ang access sa mga gamot na ito.

Stigma at diskriminasyon

Maaaring makahadlang sa pangangalaga ang stigma at diskriminasyon sa mga taong may psoriatic disease. Ang mga nakikitang sugat sa balat ay maaaring magdulot ng diskriminasyon sa mga lugar ng pakikisalamuha, trabaho at maging pangangalagang pangkalusugan, na nakakaapekto sa kalusugan ng pag-iisip at nakakapigil sa mga pasyente sa paghahanap ng pangangalaga. Napag-alaman sa isang pag-aaral na ang mga Chinese na pasyenteng may psoriatic disease ay nahaharap sa malaking stigma at psychological distress, kung saan nakakaranas sila ng mga negatibong pakikitungo mula sa mga kapamilya, kaibigan at provider ng pangangalagang pangkalusugan.⁴²

Nagpatupad ang Pilipinas ng isang makabagong patakaran upang tiyakin ang pantay-pantay na access sa paggamot: inaprubahan ang panukalang-batas sa psoriasis sa Pilipinas

Ipinasa ng Committee on Health ng Pilipinas ang isang panukalang-batas na nagtatatag ng Pambansang Integrated na Programa upang iwasan at gamutin ang psoriasis bilang isang problema sa kalusugan ng publiko.⁴⁹ Nilalayan ng panukalang-batas na magbigay ng pantay-pantay at abot-kayang access sa mga gamot at paggamot para sa halos 2 milyong Pilipino na may psoriatic disease. Binibigyang-diin nito ang integrated at comprehensive approach sa pag-develop ng kalusugan, nang nakatuon sa integrative at multidisciplinary na mga patakaran, programa, at serbisyong nakatuon sa pasyente at pamilya para sa mga taong namumuhay nang may psoriatic disease.⁵⁰

Kamakailan lang ay sinundan ng Panama ang mga hakbang ng Pilipinas, sa pamamagitan ng pag-apruba sa isang batas na nagtatakda sa medikal na paggamot, pananaliksik at propesyonal na pagsasanay sa maagang pagtukoy, pag-diagnose at buong paggamot ng psoriasis bilang isang pambansang interes. Inspirasyon ng dalawang bansang ito ang German National Program on Psoriasis Healthcare 2005–2015, na nagreresulta sa malaking pagbabago sa mga resulta ng pasyente pati na pagtugon sa hindi pagkakapantay-pantay ng mga rehiyon.⁵¹

“Panahon nang isama ng [Kagawaran ng Kalusugan] ang psoriasis sa mga programa nito. Ang mungkahing ito ay isang komprehensibong programa, nakapaloob sa komunidad at sa lahat ng pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan.”


Dating Chair ng Committee on Health Hon. Angelina Helen D.L. Tan M.D, na siyang orihinal na nagtaguyod ng panukalang-batas noong 2021



Malaking problema ang halaga ng pagpapagamot para sa mga taong may psoriatic disease


Noong 2022, lumitaw sa magkakaugnay survey sa mga taong namumuhay nang may psoriasis sa Malaysia, Hong Kong at Korea ang epekto ng mabigat na problemang pinansyal na dulot ng paggamot sa psoriasis.

Pinakamalalaking hamon sa pagpapagamot sa Malaysia




Malaking gastos sa pagpapagamot

Pinakamalalaking hamon sa pagpapagamot sa Hong Kong




Malaking gastos sa pagpapagamot


Pinakamalalaking hamon sa pagpapagamot sa Korea




Hindi epektibong paggamot




Hindi epektibong paggamot




Hindi epektibong paggamot




Malaking gastos sa pagpapagamot



Hindi katanggap-tanggap na paghihintay para makapagpatingin sa provider ng pangangalagang pangkalusugan



Hindi katanggap-tanggap na paghihintay para makapagpatingin sa provider ng pangangalagang pangkalusugan



Mahigpit na pamantayan ng insurance sa pagiging kwalipikado



Mga hiling sa pagbibigay-prioridad sa mga comorbidity

Palalilim ang kaalaman ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan

Sanayin ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na tumukoy ng mga comorbidity sa mga pasyenteng may psoriatic disease at pag-refer ng mga ito sa paggamot kung kinakailangan.

Itaguyod ang edukasyon at kaalaman ng pasyente tungkol sa mga comorbidity at kanilang mga salik ng panganib

Bigyang-edukasyon ang mga pasyente tungkol sa mga regular na check-up, screening para sa mga comorbidity, kahalagahan ng maagang pagtukoy at mgaistratehiya sa pagbabago sa paraan ng pamumuhay at pagpapaliit ng panganib.

Padaliin ang access sa pangangalagacare

Padaliin ang access sa pangangalaga, lalo na sa mga rural at mahihirap na lugar, sa pamamagitan ng pagpaparami ng bilang ng mga sinanay na ng propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, pag-aayos sa mga pasilidad sa pag-diagnose at paggamot, at paggamit ng mga digital na teknolohiya.

Hikayatin ang pangangalagang multidisciplinary at nakatuon sa indibidwal

Hikayatin ang paggamit ng multidisciplinary approach sa pangangalaga kung saan kalahok ang pasyente sa pagpapasya sa paggamot, at nagkakaroon ng kolaborasyon sa pagitan ng mga espesyalista upang matugunan ang mga pisikal at psychological na aspeto ng sakit.

Psoriatic disease at mga comorbidity

Ang mga taong magay psoriatic disease ay may mas malaking panganib ng pagkakaroon ng mga comorbidity gaya ng cardiovascular disease, metabolic syndrome, at depresyon, kaya napakahalaga ng maagang screening at pagkontrol.⁵²⁻⁵⁴ Iniuugnay sa mga comorbidity ang mas matataas na rate ng pagkamatay at pagpapaospital, at ang taong may psoriatic disease ay maaaring magkaroon ng maraming comorbid na kondisyon, na nakakadagdag sa pagiging kumplikado ng pagkontrol dito.⁵² Ang maagang screening ay makakatulong na matugunan ang mga comorbidity sa pamamagitan ng pagpapaliit sa mga nakaligtaang diagnosis o maling diagnosis.³⁸ Ang naaangkop na pagkontrol ay binubuo ng pangangalagang nakatuon sa indibidwal, komprehesibo at nakakoordina at ng plano sa paggamot na iniangkop sa indibidwal at nakatuon sa pagpapaganda ng kalidad ng buhay ng taong nabubuhay nang may psoriatic disease.

MGA PANGUNAHING HAMON

Mga maling paniniwala, mababaw na pag-unawa at kaalaman

Ang psoriatic disease ay hindi lang isang kondisyon sa balat kundi isang hindi naipapasang sakit na may mga comorbidity.^{18,38} Ang kawalan ng kaalaman sa kaugnayang ito ay nakakahadlang sa wastong pangangalaga at mga resulta. Ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa Asia ay nangangailangan ng data at kaalaman sa pagkalaganap, paggamot at epekto ng mga comorbidity upang makatulong sa pag-diagnose at paggamot sa mga taong may psoriatic disease.⁵⁵ Kasabay nito, napakahalaga ng pagbibigay ng edukasyon at kakayahan sa pasyente sa pagpapaliit ng mga epekto ng mga comorbidity, pagpapabuti ng pagsunod sa paggamot at pagpigil sa maling impormasyon tungkol sa gamot at mga potensyal na side effect nito.¹⁸

Hindi malinaw na tinukoy na mga clinical pathway o limitadong resource para sa epektibong diagnosis

Inirekomenda ng Taiwan Rheumatology Association at ng Taiwanese Association for Psoriasis and Skin Immunology ang pagsubaybay sa mga comorbidity sa pagkontrol sa psoriatic arthritis, kabilang ang mga regular na pagsusuri ng presyon ng dugo, glucose sa dugo, kolesterol, timbang at iba pang salik ng panganib.¹⁰

Dapat isaalang-alang ang mga epekto ng paggamot sa mga pangkaraniwang comorbidity.¹⁰ Kabilang sa mga salik na nakakahadlang sa availability ng mga pagsusuri sa kalusugan ang kakulangan ng kagamitan sa pag-diagnose, mga supply at mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na sinanay sa pagkontrol ng psoriatic disease sa rehiyon, lalo na sa mga liblib at rural na lugar.⁵⁶ Ang hindi mahuhusay na resulta ay dahil sa kawalan ng koordinasyon sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.⁵⁹ Mga karagdang balakid din sa mga indibidwal at sistemang pangkalusugan ang hindi sapat na imprastruktura at malalaking gastusin sa pangangalagang pangkalusugan at gamot.^{46,58,59}

MGA INIREREKOMENDANG APPROACH SA PANGANGALAGA

Bukod pa sa maagap na paggamot ng doktor at pinalalim na kaalaman tungkol sa mga comorbidity upang maiwasan ang pangmatagalang pinsala sa kalusugan at pagandahin ang kalidad ng buhay, may dalawang approach o modelo ng pangangalaga na tumitiyak sa epektibong pagkontrol ng psoriatic disease at mga comorbidity.^{10,18,52,60,61}

Pangangalagang nakatuon sa indibidwal

Ang pakikibahagi ng pasyente sa pagpapasya sa paggamot ay mahalaga sa modelo ng pangangalagang nakatuon sa indibidwal, dahil pinapahusay nito ang pagsunod sa paggamot, kalidad ng buhay at kasiyahan ng pasyente.^{18,62,63} Sa kasamaang palad, limitado ang pag-unawa ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa approach na ito, kaya hindi ito gaanong nagagamit. Dapat makatanggap ang mga provider ng edukasyon at pagsasanay sa epektibong pakikipag-ugnayan sa pasyente upang maitaguyod ang pangangalagang nakatuon sa indibidwal. Makakatulong ang mga booklet ng

impormasyon, programa sa edukasyon, aktibidad sa social media, programa sa psychosocial na suporta at mga serbisyo ng suporta sa pasyente na palawakin ang kaalaman at pakikibahagi ng pasyente. Ang mga matagumpay na programa sa suporta sa online na edukasyon sa South Korea, Singapore at Malaysia ay nagresulta sa higit na pakikibahagi ng pasyente sa pagkontrol sa psoriasis.¹⁸

Pangangalagang multidisciplinary, nakakoordina at nagpapatuloy

Ang psoriatic disease ay isang komplikadong kondisyon na nakakaapekto sa maraming organ system at nangangailangan ito ng holistic approach mula sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.⁶⁴⁻⁶⁶ Kailangan ng multidisciplinary na team ng mga eksperto mula sa iba't ibang larangan, gaya ng dermatology, psychiatry, psychology at social work, upang tasahin ang kondisyon ng pasyente, bumuo ng komprehensibong plano sa paggamot at tugunan ang mga comorbidity. Matutugunan ng multidisciplinary approach ang mga pisikal na pangangailangan at pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip, na magresulta sa mas epektibong pagkontrol, mas magandang kalidad ng pamumuhay at mas mahuhusay na resulta sa kalusugan para sa mga taong may psoriatic disease sa Asia.



“Maraming indibidwal na may psoriatic disease ang may isa o higit pang comorbidity. Ang mga kondisyong ito ay kumplikado at pabalik-balik at maaaring maapektuhan ng mga ito ang pipiliing paggamot para sa psoriasis. Kung hindi gagamutin at kokontrolin, nanganganib ang mga pasyente na magkaroon ng seryosong pinsahal sa kanilang kalusugan. Mahalaga ang holistic na pagmamahala para sa maagang pagtukoy, pag-diagnose at pagkontrol sa mga comorbidity na ito upang maiwasan ang higit pang pamiminsala nito sa kalusugan.”

Dr Colin Theng
Dermatologist
at Presidente ng
Psoriasis Association
in Singapore


Ang mga pinakakaraniwang comorbidity na iniugnay sa psoriatic disease ay kinabibilangan ng:

Mga kondisyon sa mata
Iniugnay ang psoriatic disease sa mas malaking panganib ng pagkakaroon ng mga kondisyon sa mata gaya ng uveitis at conjunctivitis.⁶⁷

Cardiovascular disease
Ang mga indibidwal na may psoriatic disease ay may mas malaking panganib ng pagkakaroon ng cardiovascular disease, kabilang ang mataas na presyon ng dugo, atake sa puso at stroke.^{60,68-72}

Metabolic syndrome
Ang metabolic syndrome ay pangkat ng mga salik ng panganib na nagpapalaki sa panganib ng pagkakaroon ng sakit sa puso, stroke at type 2 diabetes. Mas laganap sa mga taong may psoriatic disease ang metabolic syndrome.^{60,73-75}

Osteoporosis
Ang psoriatic disease ay maaaring humantong sa mas mababang density ng buto at mas malaking panganib ng pagkakaroon ng osteoporosis.⁷⁶



Depresyon at pagkabalisa
Ang psoriatic disease ay maaaring magdulot ng malaking epekto sa pag-iisip, na humahantong sa depresyon at pagkabalisa.⁷⁷⁻⁸⁰

Mga kanser
Ang mga taong namumuhay nang may psoriasis ay may mas malaking panganib ng pagkakaroon ng lahat ng kanser. Mas lumalaki pa ang panganib na ito habang lumalala ang psoriasis.¹²

Inflammatory bowel disease
